

Tagalog



Maligayang Pagsalubong sa workshop ng Rundle Station Master Plan (Punong Plano ng Istasyon ng Rundle)

Tungkol saan ang sesyon na ito?

Ang Lungsod ng Calgary ay naghahanda ng Rundle Station Master Plan (Punong Plano ng Istasyon ng Rundle). Ang layunin ng sesyong ito ay upang:

1. Ibahagi ang mga konsepto at mga ideya tungkol sa hinaharap na pagpapaunlad ng lugar ng istasyon ng Rundle;
2. Mag-ulat pabalik tungkol sa aming narinig hanggang ngayon at kung paano namin tinutugunan ang inyong mga komento;
3. Tipunin ang mga katugunan sa mga konsepto at mga ideyang ibinahagi ngayon.

Ang kawani ng lungsod ay nasa paligid upang makipag-usap sa inyo at sumagot ng anumang mga tanong na maaaring mayroon kayo.

Ano ang Master Plan?

Ang Master Plan ay isang dokumento na naggagabay kung paano magbabago ang isang lugar sa paglipas ng panahon.

Ang Master Plan sa istasyon ng Rundle ay:

- ‡ Balangkasin ang pinagsamang pangitain para a hinaharap ng lugar.
- ‡ Piliin ang lokasyon at ang possibleng klase ng redevelopment
- ‡ Balangkasin ang mga pagbabago at ang patakaran para masigurado na ang redevelopment ay naayon sa pananaw.

Ang mga dokumento ng master plan ay maaaring maglaman ng mga imahe o

Ang mga dokumento ng master plan at naglalaman ng mga mapa kung saan makikita ang mga negosyo, bahay at mga parke.

Ang mga dokumento ng master plan ay naglalaman ng mga patakaran kung paano gamitin ang mga espasyo.

Bakit kailangan natin ng isang Master Plan?

Ang Master Plan ay makakatulong upang makagawa ng isang tawiran at transit friendly na lugar sa istasyon ng Rundle LRT.

Ang mga pangunahing layunin ng Master Plan ay:

‡ Planuhin maiigi para sa redevelopment.


‡ Mangalap ng mga oportunidad para sa pagunlad ng lugar sa paligid ng istasyon ng Rundle LRT

‡ Himukin ang pagtatayo ng mga bagong kabahayan malapit sa istasyon ng LRT para makahanap ng mga bagong residente malapit sa istasyon.

‡ Maghanap ng ibat ibang paraan para maging pedestrian friendly ang lugar.

Ano ang lugar ng istasyon ng Rundle?

Ang istasyon ng Rundle ay ang lugar na may markang pulang linya sa ibaba. Ito ay naglalaman ng lugar malapit sa istasyong ng Rundle LRT at humihigit 10 minuto kapag ito ay nilakad.



Anong narinig namin hanggang ngayon

Ang pakikilahok para sa Master Plan (Punong Plano) ay nagsimula noong Disyembre 2016. Ang Lungsod ay nakatanggap ng halos 300 mga komento tungkol sa kung paano mapapabuti ang lugar ng pag-aaral. Maaari ninyong ganap na makita ang mga komento sa “What We Heard Report” na makukuha sa calgary.ca/rundle.

Pananaw

Ang lugar ng Rundle Station ay magiging mabuti para sa naglalakad, katamtamang densidad na kapaligiran na mas mahusay na mag-uugnay ng silangan at kanlurang mga bahagi ng 36 St N.E.

- Ang maiging kalidad, mas mataas na densidad na pagpapaunlad ng pamahayan at trabaho ay ilalagay na malapit sa Istasyon ng Rundle LRT.
- Ang patuloy na network ng berdeng espasyo ay mag-uugnay ng silangang bahagi ng lugar sa kanlurang bahagi.

- Pabutihin ang mga koneksyon ng naglalakad upang mas mabuting iugnay ang istasyon ng LRT sa Sunridge Mall, sa Peter Lougheed Centre at sa residensiyal na komunidad.
- Ang 36 St N.E. ay babaguhing-anyo upang magtampok ng mga puno sa kalye, mas malawak na mga bangketa, mas mabagal na trapiko at bagong tingian (retail) na nakaharap sa kalsada.
- Ang bagong pagpapaunlad ay nakatuon sa transit at ang mga pagpapabuti sa mga pampublikong espasyo ay magpapaganda sa lugar.

Mga Malalaking Ideya

Ang mga sumusunod na “malalaking ideya” ang gagabay sa pagpapaunlad at mga pagpapabuti sa lugar ng istasyon ng Rundle. Ang mga malalaking ideyang ito ay sumasalamin sa katugunan na narinig mula sa mga miyembro ng komunidad, mga nagmamay-ari ng lupa at ibang mga stakeholder.

1. Pabutihin ang kapaligiran ng naglalakad.
2. Ibahin ang anyo ng 36 St N.E. sa isang mas mabuti para sa naglalakad, maginhawang kapaligiran.
3. Isagawa ang nakatuon sa transit na disenyong nagsasama ng pagpapaunlad na mabuti para sa edad at mga bagong nakakatulong na pasilidad.
4. Pagandahin ang lugar upang gawin itong mas kaakit-akit.

Mga Preperensiya sa Pagtatayo at Disenyo

Marami sa mga residente ng Rundle ay nagbahagi ng kanilang mga preperensiya para sa disenyo ng gusali sa gilid ng 36 St N.E. Sa pangkalahatang pagsasabi, mas gusto ng mga taong makita ang mas mataas na mga gusali sa gilid ng 36 St N.E., na nagbabago sa mas mababang taas sa gilid ng 38 St N.E. Walang preperensiya para sa partikular na mga taas ng gusali. Mas gusto rin ng mga tao na ang paradahan ay ilugar sa likod ng gusali o sa ilalim ng lupa o underground sa gilid ng 36 St N.E. Nais din nilang makita ang tingian o retail na nakalugar sa silong ng mga gusali at isang hakbang pabalik para sa mga mas mataas na gusali.

Ang mga pangunahing tema na lumabas mula sa pagsasanay ng paggawa ng pananaw para sa hinaharap ay:

- Isama ang magkahalong gamit na pagpapaunlad sa paligid ng Sunridge Mall at sa gilid ng 36 St N.E.;
- Pabutihin ang mga koneksyon ng naglalakad sa tapat at sa gilid ng 36 St N.E.; at
- Ilipat ang LRT line sa ilalim ng lupa o underground o itaas ito.

Nakatuon sa Transit na Pagpapaunlad (Transit Oriented Development)

Ang bagong pagpapaunlad sa lugar ng pag-aaral ay maaasahang sumunod sa mga patnubay ng Nakatuon sa Transit na Pagpapaunlad (Transit Oriented Development).

Ano ang Nakatuon sa Transit na Pagpapaunlad (Transit Oriented Development)?

Ang Nakatuon sa Transit na Pagpapaunlad (Transit Oriented Development) ay isang mas mataas na densidad na uri ng pagpapaunlad na kinabibilangan ng pagtitipun-tipon ng paghahalo ng pabahay, mga trabaho at mga negosyo sa loob ng maaaring lakaring distansiya sa isang Istasyon ng LRT Station.

Mga Benepisyo ng Nakatuon sa Transit na Pagpapaunlad (Transit Oriented Development):

- Ang pabahay at mga trabaho ay nakatipon na malapit sa isang istasyon upang gawing mas maginhawa ang transit para sa mas maraming tao at upang himukin ang pagsakay dito;
- Ang paglaki ng populasyon ay maaaring mangyari sa mga lugar na pinaglilingkuran nang mabuti ng umiiral na imprastruktura kaya ito ay isang mas abot-kayang uri ng pag-unlad;
- Ito ay nagpapahintulot ng isang paghahalu-halo ng mga gamit ng lupa at mga densidad upang ang pamimili, ang pamahayanan at mga opisina atbp. ay naroroon sa parehong lugar, na ginagawang mas maginhawa ang buhay para sa mga residente at mga manggagawa;
- Ito ay gumagawa ng mga bagong opsyon ng pabahay at mga serbisyo para sa mga residente ng mga umiiral na komunidad, lalung-lalo na para sa mga matatanda at ibang tao na maaaring gustong tumira sa ibang uri ng pabahay sa pareho nilang komunidad.

Ang Nakatuon sa Transit na Pagpapaunlad (Transit Oriented Development) ay maaaring mangyari sa maraming mga paraan sa Rundle, na maaaring maging kabilang ang:

- Muling pagpapaunlad ng malaking mga loteng paradahan sa labas sa paligid ng istasyon ng LRT na may kahalong bagong pabahay at mga negosyo;
- Muling pagpapaunlad ng mas lumang pabahay sa gilid ng 36 St N.E. tungo sa bago, mas mataas na densidad na pabahay (maksimum 12 palapag ang taas) na may retail sa silong na lebel;
- Ang paggawa ng mga bagong koneksyon ng naglalakad at mga nakakatulong na pasilidad sa gilid at tapat ng 36 St N.E. upang gumawa ng mas malalakarang lugar ng LRT;
- Ang paggawa ng sentral na parke sa paligid ng istasyon upang magbigay ng isang mapagtitipunang lugar at halaman.

Mga Konsepto ng Disenyo

Konsepto A: Pinagandang destinasyon sa norteng silangan

Mangyaring sumangguni sa mapa sa board

Ang konseptong ito ay nakakakita ng unti-unting muling pagpapaunlad ng lugar ng istasyon na may pangunahing pagpapaunlad sa mga pamahayanan sa silangang bahagi ng 36 St N.E., at mga mas matataas na gusali na katabi ng 36 St N.E. (hanggang 12 mga palapag) na bumababa sa mas mababang taas na mga gusaling katabi ng 38 St N.E.

Ang residensiyal na komunidad ay makakakita ng muling pagpapaunlad sa pangmatagalang-panahon, na may mga townhouse at mas maliit na iskalang mga gusaling apartment na nakalugar sa tabi ng mga pangunahing kalye at mga mag-isang nakahiwalay, semi-hiwalay na bahay(duplex) at mga nakahanay na mga bahay na mas malayo mula sa istasyon ng LRT.

Sa kanluran ng 36 St N.E., ang karamihan ng lupa ay nilalayan na maging mas mataas na densidad na opisina, trabaho at tingian (retail) kaysa sa kung anong kasalukuyang umiiral na.

Konsepto B: Katamtamang muling pagpapaunlad kasali ang isang kampong pangkalusugan

Mangyaring sumangguni sa mapa sa board

Ang konseptong ito ay idinuong sa pamamagitan ng kampong pangkalusugan na kinabibilangan ng Peter Lougheed Centre at ng lupa sa timog na bahagi ng 26 Ave N.E. (west of 36 St N.E.). Ang kampong pangkalusugan ay

kabilangan ng mga pangmedikal na opisina at mga negosyo na may katamtaman hanggang sa mataas na taas (hanggang 12 mga palapag).

Ang konseptong ito ay makakakita rin ng katamtamang muling pagpapaunlad sa loob ng residensiyal na komunidad, na may kahalang mas mataas na pinaghalong gamit (residensiyal na may tingian o sa silong na palapag) mga gusaling malapit sa 36 St N.E. at mga katamtamang taas na gusaling nakaharap sa kanlurang bahagi ng 38 St N.E. Kasali rin sa konsepto ang katamtamang densidad na pamahayanan sa mahalagang mga lokasyon.

Konsepto C: Nakatuon sa transit na pagbabagong-anyo

Mangyaring sumangguni sa mapa sa board

Ang konseptong ito ay naglalarawan sa diwa ng isang pagbabagong-anyo ng lugar sa kanluran ng 36 St N.E., na may muling pagpapaunlad ng puwesto ng Sunridge Mall tungo sa isang pinaghalong gamit na destinasyon na maaaring magbilang ng mga pangresidensiyal, pang-opisina, pangkomersiyal, at magaan na industriyal na mga gamit. Ito rin ay magsasalang isang bukas na espasyo. Ang konseptong ito ay naglalarawan sa diwa ng bagong mga koneksiyon ng naglalakad sa buong puwesto ng mall, na gumagawa ng isang grid na pormat para sa panghinaharap na pagpapaunlad.

Ang mas masidhing residensiyal na pagpapaunlad ay isasali sa mga mahalagang lugar sa loob ng komunidad, na may pinakamataas na mga gusaling malapit sa 36 St N.E.

Mga potensiyal na pampublikong pagpapabuti

Ang pakikipaglahukan ng mga miyembro ng komunidad, mga may-ari ng lupa at mga may-ari ng negosyo ay tumukoy ng mga bahagi sa lugar ng pag-aaral na nangangailangan ng pagpapabuti. Ang mga potensiyal na pagpapabuting ito ay nag-iiba-iba sa mga tuntunin ng laki at sukat.

1. Pabutihin ang mga tawiran ng naglalakad sa tabi ng 36 St N.E. Maaaring kasali dito ang mataas na mga tulay ng naglalakad sa Rundlehorn Dr N.E., 26 Ave N.E. at 32 Ave N.E.
2. Gawin ang 26 Ave N.E. na isang mas mabuting lugar para sa naglalakad. Maaaring kasali dito ang tulay ng tumatawid sa pagitan ng Peter Lougheed Centre at isang panghinaharap na pangmedikal na gusali sa timog na bahagi ng 26 Ave N.E. Maaaring kabilang din ang mas malapad na mga bangketa, mga silungan ng transit, bagong landscaping, at tingian na nakaharap sa kalye.

Mga Susunod na Hakbang

Pagkatapos ng sesyong ito, Ang Lungsod ng Calgary ay:

- Rerepasuhin ang iyong personal at online na input.
- Luulat pabalik sa iyo ang tungkol sa kung ano ang aming narinig, at kung paano ginamit ang iyong input
- Linangin ang mga konsepto batay sa iyong katugunan at ihanda ang isang iginuhit na Master Plan (Punong Plano) upang ibahagi sa inyo para sa karagdagang katugunan sa taglagas

Paano ako maaaring makasali?

- Bisitahin ang Calgary.ca/rundle para sa mga update sa proyekto, mga timeline at pakikilahok online.
- Mag-abang para sa mga detalye tungkol sa mga paparating na pagkakataon upang makalahok.
- Makipag-ugnayan kay Jill Sonego sa Lungsod ng Calgary sa 403-268-2266 o jill.sonego@calgary.ca

